8

# Modelong Banghay-Aralin sa Values Education

Kuwarter 3

Aralin

5

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Modelong Banghay Aralin sa Values Education 8**
**Kuwarter 3: Aralin 5 (Linggo 5)**
**TP 2024-2025**

Ang materyal na ito ay inilaan lamang para sa paggamit ng mga guro na kalahok sa pilot implementation ng MATATAG K to 10 Curriculum sa Taong-Panunurang 2023-2024. Layunin nito na tumulong sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at mga kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pamamahagi, pagbabago, o paggamit ng materyal na ito labas sa itinakdang saklaw ay mahigpit na ipinagbabawal at maaaring magresulta sa angkop na mga mga legal na hakbang at kaparusahan.

Ang mga akda na ginamit sa materyal na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahinulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga bumuo ng materyal ang karapatang-aring iyon..

**Mga Tagabuo**

**Manunulat:**
- Harold M. Bumanglag

**Tagasuri:**
- Noel A. Ybanez

**Mga Tagapamahala**

Philippine Normal University
Research Institute for Teacher Quality
SiMERR National Research Center

Pinagsikapang tiyakin ang kawastuhan ng mga impormasyon na nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaari pong sumulat o tumawag sa Tanggapang ng Direktor ng Bureau of Learning Resources sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numero ng telepono (02) 8634-1072 at 8631-6922 o sa pamamagitan ng email sa blr.od.@deped.gov.ph

**VALUES EDUCATION / KUWARTER 3 / BAITANG 8**

| **I. NILALAMAN NG KURIKULUM, PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYAN SA ARALIN** | |
|---|---|
| **A. Mga Pamantayang Pangnilalaman** | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa pagkalinga sa kapuwa bilang indikasyon ng pananampalataya. |
| **B. Mga Pamantayan sa Pagganap** | Naisasagawa ng mag-aaral ang mga sariling paraan ng pagkalinga sa kapuwa bilang indikasyon ng pananampalataya upang malinang ang pagiging mapaglingkod. |
| **C. Mga Kasanayan at Layuning Pampagkatuto** | **Mga Kasanayan**<br>Naisasabuhay ang pagiging mapaglingkod sa pamamagitan ng pagkalinga sa kapuwa<br>a. Nailalarawan ang mga paraan ng pagkalinga sa kapuwa bilang indikasyon ng pananampalataya<br>b. Naipaliliwanag na ang pagkalinga sa kapuwa bilang indikasyon ng pananampalataya ay patunay ng pagmamahal sa Diyos at pagtupad sa tungkuling maglingkod sa kapuwa<br>c. Naisasakilos ang mga sariling paraan ng pagkalinga sa kapuwa bilang indikasyon ng pananampalataya. |
| **D. Lilinanging Pagpapahalaga** | Mapaglingkod (Servitude) |
| **E. Nilalaman** | Pagkalinga sa Kapuwa Bilang Indikasyon ng Pananampalataya |
| **F. Integrasyon** | - |

## II. BATAYANG SANGGUNIAN SA PAGKATUTO


Caritas Manila. (2023, September 23). *A Spirit-led community free of poverty, committed to LOVE for the common good*. Retrieved April 23, 2024, from https://caritasmanila.org.ph/

LoveYourself PH. (2021, June 12). LoveYourself Inc. https://loveyourself.ph/

New Muslims. (n.d.). *Panimula Sa mga Haligi Ng Islam at Mga Saligan Ng Pananampalataya (Unang bahagi Ng Dalawang bahagi)*. New Muslims eLearning Site. https://www.newmuslims.com/tl/lessons/31/panimula-sa-mga-haligi-ng-islam-at-mga-saligan-ng-pananampalataya-unang-bahagi-ng-dalawang-bahagi

Philippine Food Bank Foundation Inc. (2024, April 15). Retrieved April 23, 2024, from https://foodbank.org.ph/

Punsalan, T. G., Gonzales, C. C., Marte, N. C., & Nicolas, M. D. (2019). Kabutihang-loob bilang paggawa ng mabuti sa kapwa. In *Paano Magpakatao 8* (1st ed., pp. 294-308). REX Bookstore.

United States Conference of Catholic Bishops. (n.d.). *The corporal works of mercy*. USCCB. https://www.usccb.org/beliefs-and-teachings/how-we-teach/new-evangelization/jubilee-of-mercy/the-corporal-works-of-mercy

UNICEF Philippines. (n.d.). *UNICEF Philippines*. UNICEF. https://www.unicef.org/philippines/

| III. MGA HAKBANG SA PAGTUTURO AT PAGKATUTO | | MGA TALA SA GURO |
|---|---|---|
| **A. Pagkuha ng Dating Kaalaman** | **UNANG ARAW**<br>**1. Maikling Balik-aral**<br>Tignan at suriing mabuti ang larawan.<br><br>**Mga Tanong**<br>1. Ano ang iyong napapansin sa larawan?<br>2. Sa iyong palagay, ano ang dahilan kung ng kanilang pagsasama-sama?<br>3. Paano nila naipapakita ang maayos na pakikipag-ugnayan? | Subuking hugutin ng guro ang mahalagang konsepto at linilinang na pagpapahalaga mula nakalipas na aralin.<br><br>*Upang matiyak ang pagsunod sa iba't ibang Batas sa Karapatang-Sipi, inirerekomenda ang iminungkahing tagubilin:*<br>• *Maghanap ng larawan na tungkol sa pakikipag-ugnayan sa ating kapuwa. Maaari rin gamitin ang larawan na link na ito: https://images.gmanews.tv/webpics/2023/09/Pope_2023_09_03_14_09_38.jpg* |
| **B. Paglalahad ng Layunin** | **1. Paglinang sa Kahalagahan sa Pagkatuto sa Aralin**<br><br>**Pagtukoy Sa Mga Suliranin**<br>Marami ang problemang nararanasan ng tao sa ating lipunan. Sa unang kolum, maglista ng mga suliranin na kinanaharap ng iyong kapuwa. Isulat sa ikalawang kolum ang tulong na kanilang kailangan, at sa ilagay sa ikatlong kolum kung sino o anong ahensya o institution ang makatutulong sa kanila. Gawin ito sa sagutang papel. | Maaaring bigyan ng guro ang mga mag-aaral ng tatlo hanggang limang minuto. |

| Suliraning kinahaharap ng kapuwa.. | Tulong na kailangan... | Pagmumulan ng tulong... |
|---|---|---|
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |
| | | |



**Mga Tanong:**

1. Sa iyong palagay, ano ang pangunahing dahilan ng mga suliranin ng ating kapwa?

2. Bakit hanggang ngayon ay kinahaharap pa rin nila ito?

3. Ano ang tulong na maaaring mong maibigay sa kanila?

**2. Paghawan ng Bokabolaryo sa Nilalaman ng Aralin**

Pumili ng limang bilang kinatawan ng klase. Ang bawat kinatawan ay bibigyan ng *card* na naglalaman ng isang salita. Ilalarawan ito sa harap nang hindi binabanggit ang mismong salita at kailangan itong mahulaan ng klase. Bibigyan lamang ng dalawang minuto ang buong klase upang mahulaan ang lahat ng salita.

Ang gawain ito ay maaaring magdulot ng labis na galak sa mga mag-aaral. Sikapin ng guro panatilihing maayos at nakikilahok ang lahat.
Ang magiging kahulugan ng salita ay maaaring dumepende sa paglalarawan ng mga kinatawan ng klase. Maaari itong suportahan o dagdagan pa ng guro upang makamit ang inaasahang pagpapakahulugan dito batay sa aralin.

| | | |
|---|---|---|
| | Pagkalinga Pananampalataya Pagkawanggawa<br>Maykapal Kapos-palad<br><br>Mga salita:<br>1. Pagkalinga<br>2. Pananampalataya<br>3. Pagkakawanggawa<br>4. Maykapal<br>5. Kapos-palad | |
| **C. Paglinang at Pagpapalalim** | **Kaugnay na Paksa 1: Paraan ng Pagkalinga sa Kapuwa Bilang Indikasyon ng Pananampalataya**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>Sa pakikipag-ugnayan sa ating kapwa ay sinisimulan natin ang magkaroon ng makabuluhang karanasan kasama sila. Nagbibigay ito ng pagkakataon upang maiparamdam sa kanila ang kabutihan ng pakikipagkapuwa na naipapakita sa pagkalinga sa kanila.<br><br>Sa ating araw-araw na karanasan at pagmamasid sa paligid o paggamit ng *social media* ay marami ang nasasaksihan natin na nakakaranas ng suliranin at pagsubok sa buhay. Sila ang mga taong lubos na nangangailangan lalong-lalo ng mga pangunahing kagamitan gaya ng pagkain, inumin, kasuotan, at tirahan. May iba naman ang nakakaranas ng mga pagsubok sa kondisyon sa buhay, pangangatawan at kalusugan, ugnayan sa kapuwa, at iba pa.<br><br>Ang ating mga magulang at ang samahan o relihiyon na ating kinabibilangan ay nagbigay ng mga aral sa kahalagahan ng pagkalinga sa iba. Ito turo ng Maykapal bilang paraan ng pagpapakita ng pananampalataya at pagiging mabuting tao.<br><br>Bilang kapwa, tayo ay inaasahan na nagmamalasakit at tumulong. Paano mo ito gagawin?<br><br>Sa panahon ngayon, marami ang nangangailangan ng tulong. Ang pagtugon sa kanila ay hindi lang gawain ng iilan. Ang pagkalinga sa kapuwa ay responsibilidad ng lahat.<br><br>Narito ang ilan sa mga kilalang samahan o organisasyon sa bansa na may mga gawain o pagkilos para tumulong sa kapuwa.<br><br>1. <u>Caritas Manila</u> - isang *non-profit organization* na nangunguna sa gawain at serbisyong pangkomunidad ng simbahang Katoliko sa Pilipinas. | |

2. <u>UNICEF Philippines</u> - isang support organization sa gobyerno upang mapangalagaan maitaguyod ang mga karapatan ng kabataang Pilipino.

3. <u>LoveYourself PH</u> - isang komunidad ng mga volunteer professionals na nagbibigay ng libreng tulong sa mga pilipinong nakakaranas ng HIV/AIDS.

4. <u>Bukas Palad Foundation</u> - isang non-government institution na nagbibigay ng tulong sa edukasyon at pangkabuhayan ng mga bata, matatanda, kapos-palad, at mga biktima ng kalamidad.

5. <u>Philippine Food Bank Foundation Inc.</u> - sila ay nangangalap ng mga sobrang pagkain upang ipamahagi sa komunidad na nangangailangan.

Itinuro sa atin na ang pag-alaala at pagtulong sa mga nangangailangan ay pagmamahal sa Diyos. Sa aral na ito ay nabibigyang tayo ng pagkakataon na ibahagi sa iba kapos-palad at lubos na nangangailangan ng biyaya na ating natatanggap mula sa Maykapal.

**IKALAWANG ARAW**

**2. Pinatnubayang Pagsasanay**

Panuorin ang bidyo. Batay sa napanuod, magbigay ng mga katangian ng isang taong mapagkalinga.




Thailifechannel. (2014, April 14). *Unsung hero.* YouTube. https://www.youtube.com/watch?v=uaWA2GbcnJU

Maaaring bigyan ng guro ang mga mag-aaral ng tatlo hanggang limang minuto sa gawain na ito.

Kung sakali na magkaroon ng hindi maaayos na koneksyon sa *internet*, maaaring magkaroon ng alternatibong gawain ang mga mag-aaral.
Sila ay may maaaring bigyang ng labinglima hanggang dalawampung minute upang lumabas ng klase at magmasid sa paligid at mga kilos ng mga tao sa paligid. Sila ay maglilista ng mga gawaing mapagkalinga na kanilang makikita at kung

| | | |
|---|---|---|
| | **Mga Tanong:**<br>1. Alin sa mga katangiang ito ang iyong tinataglay?<br><br>2. Kung ikaw ay magdagdag ng isa pang katangian, ano ito at bakit?<br><br>3. Anong ang iyong gagawin upang taglayin ang mga katangiang iyong tinutukoy?<br><br><br>**3. Paglalapat at Pag-uugnay**<br>Sa isang papel, maglista ng gawain sa inyong simbahan, samahan, o komunidad na tumutulong o kumakalinga sa kapuwa. Pagkatapos, ibahagi ito sa tatlo kamag-aral. Gamitin ang mga gabay na tanong sa pagbabahagi.<br>1. Ano ang ipinapahiwatig ng mga gawaing ito tungkol sa inyong pananampalataya?<br>2. Paano nakakatulong ang mga gawaing ito sa iyong kapuwa?<br><br>**Mga Tanong:**<br>1. Ano ang mga aral tungkol sa pagtulong sa kapuwa mula sa inyong simbahan o pananampalataya?<br>2. Ano ang iyong napansing pagkakatulad o kaibihan ng inyong gawain sa iyong kaklase?<br>3. Paano ka lumalahok sa mga gawaing ito?<br><br>**Kaugnay na Paksa 2: Pagsasakilos ng mga Paraan ng Pagkalinga sa Kapuwa Bilang Indikasyon ng Pananampalataya**<br>**1. Pagproseso ng Pag-unawa**<br>**Pitong Gawa ng Awa sa Tao**<br>Ang mga *corporal works of mercy* o ang mga gawa ng awa sa tao ay mga gawaing mapagkawanggawa upang tumulong sa mga lubos na nangangailangan.<br><br>1. <u>Pakainin ang nagugutom</u> - maaaring magbigay ng mga labis na pagkain o salapi bilang donasyon sa mga institusyon gaya ng paaralan, simbahan, o ampunan. Maaari din ang lumahok sa paghahanda ng mga *feeding program*.<br><br>2. <u>Painumin ang nauuhaw</u> - marami sa ating kababayan ang walang maayos na akses malinis na tubig. Gaya ng pagpapakain sa nagugutom, mabigay din ng inumin sa mga taong nauuhaw. | anong katangian ang ipinapakita nito.<br><br>Maaaring bigyan ng guro ang mga mag-aaral ng lima hanggang sampung minuto sa gawain na ito. |

| | | |
|---|---|---|
| | 3. <u>Damitan ang mga walang damit o saplot sa katawan</u> - nasasaklaw nito ang mga taong may hindi maayos na pananamit. Ang mga damit na hindi na ginagamit ay maaaring ibigay sa kanila o iba pang kagamitang pang-sinusuot.<br><br>4. <u>Bigyang proteksyon ang mga walang masisilungan</u> - ang masisilungan ay isa sa mga pangunahing pangangailangan ng tao upang magkaroon ng proteksyon sa sakuna. Marami sa mga dukha ang ginagawang tahanan na ang kalsada, ilalim ng tulay, at bangketa. Maaari silang matulungan na samahan sa mga organisasyon o ahensya na maaaring bigyan sila ng matutuluyan.<br><br>5. <u>Bisitahin ang mga karamdaman</u> - marami sa mga may sakit ang nakakalimutan na o 'di kaya ay iniiwasan dahil sa kanilang karamdaman. ang iba naman ay nag-iisa na lamang at walang pamilya o kaibigan na malapit sa kanila. Hindi kabawasan sa pagiging tao ang pagkakaroon ng sakit. Bisitahin ang mga taong may karamdaman at iparamdam sa kanila na may pag-asa sa buhay.<br><br>6. <u>Bisitahin ang mga nasa bilangguan</u> - ang mga nasa bilangguan ay tao rin at may pag-asang magbago. May ilan naman ang naroon dahil sa mga salang hindi nila ginawa o 'di kaya ay nasa proseso pa ng paglilitis. Maaaring maging bahagi ng mga samahan na tumutulong sa kanila na magbigay ng mga materyal na pangangailangan at ispiritwal na kagalingan.<br><br>7. <u>Ilibing ang mga patay</u> - ang paglilibing sa mga sumakabilang buhay ay pagpapakita ng paggalang sa buhay na ibinigay ng Maykapal at kaginhawaan sa mga naiwang mahal nila sa buhay. Maaaring makiramay at magpakita ng suporta sa kanilang pamilya.<br><br>**_Zakah_ o Zakat**<br>Isa sa Limang Haligi ng Islam ay ang Zakat. Ito ay nangangahulugang *"to cleanse"* o maging dalisay. Isa itong paraan ng pamimintuho kay Allah kung saan ay nagpapahiwatig ng kanilang obligasyon na mapagkawanggawa. Ang may mga naitatagong tiyak na yaman ay dapat na maglaan ng bahagi nito para sa tumulong sa mga kapos sa buhay.<br>Ang pagsasagawa sa Zakat ay naglalayo sa kanila sa problema at sila ay mas pinagyayaman pa ni Allah.<br><br>Ang Maykapal ay hindi kumikilos nang mag-isa, bagkus ay ginagawa tayong instrumento upang tulungan at magtulungan. Kapag tayo ay tumutulong at kumalinga sa kapuwa, ito ay gagawin din nila sa iba. | |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
IKATLONG ARAW<br>
2. Pinatnubayang Pagsasanay<br>
Tingnan mabuti ang mga larawang ipapaskil. Ilarawan kung paano nito ipinapakita ang pagtulong o pagkalinga sa kapuwa.<br><br>
1.<br><br>
4.<br><br>
2.<br><br>
5.<br><br>
3.<br><br>
Mga Tanong<br>
1. Sa iyong palagay, sino ang mga taong nangangailangan ng tulong?<br>
2.Sa iyong palagay, ano ang maaaring limitasyon ba ang pagtulong sa kapuwa?<br>
3. Ano ang iyong gagawin kung ikaw makaranas ng limitasyong ito?
</td>
<td>
Maaaring bigyan ng guro ang mga mag-aaaral ng limang minuto para sa gawain na ito.<br><br>
Upang matiyak ang pagsunod sa iba't ibang Batas sa Karapatang-Sipi, inirerekomenda ang iminungkahing tagubilin:<br>
• Maaaring maghanap ang guro ng mga larawan na kaugnay sa mga sagot sa pagsasanay:<br>
1. Pagdarasal<br>
2. Relief packing para sa mga nasalanta ng sakuna<br>
3. Pakikiramay sa mga may pinagdadaanang problema<br>
4. Fund raising<br>
5. Pagdo-donate ng dugo
</td>
</tr>
</table>

### 3. Paglalapat at Pag-uugnay

Ang klase ay hahatiin sa tatlong pangkat. Bawat pangkat ay bubuo ng ng tatlong *tableau* na nagpapakita ng mga paraan ng pagtulog sa kapwa sa tahanan, sa paaralan, at sa komunidad. Pagkatapos ay maghanda sa pagbabahagi sa klase.

**Rubrik sa *Tableau***

| Pamantayan | 4 pts | 3 pts | 2 pts | 1 pt |
|---|---|---|---|---|
| Layunin at Pokus | Ang layunin ng gawain ay malinaw na nakamit ng mga mag-aaral at epektibong nakapagpakita ang pokus nito sa kabuuan ng presentasyon. | Ang layunin ng gawain ay nakamit ng mga mag-aaral at nakapagpakita ang pokus sa ilang bahagi ng presentasyon. | Ang layunin ng gawain ay nakamit ng mga mag-aaral ngunit hindi malinaw na nakapagpakita ng pokus sa presentasyon. | Ang layunin ng gawain ay bahagyang nakamit ng mga mag-aaral. |
| Kooperasyon | Ang lahat ng kasapi sa pangkat ay kasama sa presentasyon. | Isa hanggang dalawang kasapi sa pangkat ang hindi kasama sa presentasyon. | Dalawa hanggang tatlong kasapi sa pangkat ang hindi kasama sa presentasyon. | Mahigit sa kalahating kasapi sa pangkat ang hindi kasama sa presentasyon. |
| Ekspresyon katawan at mukha | Kahanga-hanga ang pagpapakita ng barayti ng posisyon ng mga katawan at ekspresyon ng mukha. | Nakapagpakita ng barayti ng posisyon ng katawan at ekspresyon ng mukha. | May barayti ang posisyon ng mga katawan ngunit iisa ang ekspresyon ng mukha. | Hindi nakapagpakita ng barayti ng posisyon ng katawan at ekspresyon ng mukha. |
| Imahinasyon | Ang mga mag-aaral ay may malikhain at mahusay na imahinasyon sa kabuuan ng *tableau.* | Ang mga mag-aaral ay nagpakita ng malikhaing imahinasyon sa ilang bahagi ng *tableau.* | Ang mga mag-aaral ng tinangka ang magpakita ng malikhang imahinasyon sa ginawang *tableau.* | Ang mga mag-aaral ay hindi naging nagpakita malikhaing imahinasyon. |
| Pokus | Mahusay ang daloy ng presentasyon at malinaw ang pokus | Maayos ang daloy ng presentasyon at nagpahayag ng | Maayos ang daloy ng presentasyon ngunit may mga | Hindi maayos ang naging presentasyon at |

Maaaring bigyan ng guro ang mga mag-aaral ng labing-lima hanggang dalawampung minuto para sa gawain na ito.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | sa naging paliwanag. | pokus sa naging paliwanag. | bahagi ang paliwanag na hindi malinaw ang pokus. | hindi nakapagpakita ng pokus ang paliwanag. |

**Mga Tanong:**

1. Alin ang mga ipinakitang *tableau* ang naranasan mo nang gawin sa iyo?
2. Alin ang hindi mo pa nagagawa at nais mong gawin?
3. Paano napapaunlad ng gawain o kilos ng pagkalinga ang iyong ugnayan sa iba?


**D. Paglalahat**

**IKAAPAT NA ARAW**

**1. Pabaong Pagkatuto**

**Tulong-To-Do**

Bumuo ng isang linggo ng tsart ng mga gawaing nagpapakita ng pagkalinga sa kapwa na kayang gawin ng isang mag-aaral gaya mo at mula sa mga aral na itinuro sa iyo. Gawin ito sa sagutang papel.




**Mga Tanong:**

1. Sa iyong palagay, anong gawain ang lubos na nagpapakita ng iyong pananampalataya?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

2. Sino ang nakikinabang kapag ang tao ay tumutulong sa iba?

____________________________________________________________


____________________________________________________________

3. Sa paanong paraan nakatutulong ang pagkalinga o pagtulong sa iba sa pagpapaunlad ng iyong pananampalataya?

____________________________________________________________

____________________________________________________________

Maaaring bigyan ng guro ang mga mag-aaral ng hanggang pitong minuto para sa gawaing ito.

| | | |
|---|---|---|
| | **1. Pagninilay sa Pagkatuto**<br>**Paalalang Pagkalinga**<br>Gumawa ng isang pangungusap na nagpapaalala ng kahalagahan ng pagtulong at pagkalinga sa kapuwa. Ilagay ito sa isang malinis na papel at ibigay sa iyong katabi.<br> | Maaaring bigyan ang mga mag-aaral ng tatlong minuto para sa gawain na ito. Kung ito ay ibibigay sa kaklase, siguraduhin ng guro na ang lahat ay may matatanggap na papel. |

| **IV. EBALWAYSON NG PAGKATUTO: PAGTATAYA AT PAGNINILAY** | | **MGA TALA SA GURO** |
|---|---|---|
| **A. Pagtataya** | **1. Pagsusulit**<br>Basahing mabuti ang tanong sa bawat aytem. Piliin ang pinaka-angkop na sagot at isulat ito sa patlang bago ang numero.<br>_____1. Alin sa mga sumusunod ang ilan sa mga pangunahing pangangailangan ng tao?<br>a. Pagkain, inumin, at *gadgets*<br>b. Pagkain, salapi, at kasuotan<br>c. Pagkain, kasuotan, at tirahan<br>d. Pagkain, tirahan, at sasakyan<br>_____2. Ang pagkalinga sa kapuwa ay pagpapakita ng pagmamahal sa Diyos. Ano ang iyong palagay sa pahayag na ito?<br>a. Ang pahayag ay tama, dahil ito ay turo ng simbahan at utos ng Diyos upang maging mabuting tao.<br>b. Ang pahayag ay tama, dahil ang pagtugon sa pangangailangan ng iba ay pagpapakita ng pananampalataya sa Diyos upang maglingkod sa kapuwa.<br>c. Ang pahayag ay mali, dahil hindi nakabatay sa pananampalataya ang pagtulong sa kapuwa. | Maaaring bigyan ng guro ng limang minuto ang mga mag-aaral upang mag-sagot.<br>Mga susing kasagutan:<br>1. C.<br>2. B.<br>3. C.<br>4. C.<br>5. D. |

d. Ang pahayag ay mali, dahil ang tunay na pagkalinga sa kapuwa hindi nangangahulugang may pagmamahal sa Diyos.

_____3. Alin sa mga sumusunod ang hindi nagpapakita ng gawa ng awa sa tao?

a. Tuwing linggo, si Miller ay bumibisita sa kanyang tita na may karamdaman.

b. Sa darating na kaarawan ni Jhake, siya ay magpapakain sa isang bahay ampunan.

c. Si Kimberly ay nagbenta ng kanyang mga pinaglumaang damit sa mga nasunugan sa kabilang bayan.

d. Sumakabilang-buhay ang ina ni Albert noong nakaraang araw, kaya gabi-gabi siyang pinupuntahan ng kanyang mga kaibigan upang samahan.

_____4. Ang Islam ay may limang haligi na naglalaman ng mga turo ni Allah. Isa sa mga haliging ito ay ang Zakah o Zakat. Alin sa mga ito ang naglarawan sa Zakat?

a. Ito ang pag-aayuno sa loob ng isang buwan.

b. Ito ang pagsasagawa ng limang pagdarasal araw-araw.

c. Ito ang obligasyon ng may naitatagong yaman ay maglalaan ng bahagi nito bilang tulong.

d. Ito ang pagpapahayag ng pananampalataya na si walang ibang diyos na kaparat-dapat sundin kung hindi si Allah at si Muhammad ay kanyang sugo.

_____5. Sa iyong palagay, kailan dapat magpakita ng kalinga sa kapuwa?

a. Tuwing may humihingi ng tulong.

b. Tuwing may matatanggap na kapalit.

c. Tuwing may nangangailangan na kapuwa.

d. Tuwing may pagkakataon at kakayahan tumulong.

**2. Gawaing Pantahanan/Takdang-Aralin**

Batay sa ginawang tsart ng *Tulong-To-Do*, subukin itong ilapat sa sarili sa loob ng isang linggo. Itala ang mga sumusunod sa bawat araw at gawain. Ilagay ito sa isang malinis na papel.

1. Kanino o saan ito ginawa?
2. Ano ang naging resulta ng ginawa?
3. Ano ang naramdaman sa ginawa?
4. Kung ikaw ay bibigyan ng pagkakataon, alin ang iyong babaguhin sa iyong ginawa at paano mo ito gagawin?

**B. Pagbuo ng Anotasyon**

| Itala ang naobserhan sa pagtuturo sa alinmang sumusunod na bahagi. | Epektibong Pamamaraan | Problemang Naranasan at Iba pang Usapin |
|---|---|---|
| ***Estratehiya*** | | |
| ***Kagamitan*** | | |
| ***Pakikilahok ng mga Mag-aaral*** | | |
| ***At iba pa*** | | |

Hinihikayat ang mga guro na magtala ng mga kaugnay na obserbasyon o anomang kritikal na kaganapan sa pagtuturo na nakakaimpluwensya sa pagkamit ng mga layunin ng aralin. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na template sa pagtatala ng mga kapansin-pansing lugar o alalahanin sa pagtuturo.

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | | | Bilang karagdagan, ang mga tala dito ay maaari ding maging isa mga gawain na ipagpapatuloy sa susunod na araw o mga karagdagang aktibidad na kailangan. |
| **C. Pagninilay** | *Gabay sa Pagninilay:*<br>▪ ***Prinsipyo sa pagtuturo***<br>*Anong prinsipyo at paniniwala ang naging bahagi ng ginawa sa aralin?*<br>*Bakit dapat ituro ang aralin sa paraang aking ginawa?*<br>▪ ***Mag-aaral***<br>*Anong gampanin ng mga mag-aaral sa aralin?*<br>*Ano at paano natuto ang mga mag-aaral?*<br>▪ ***Pagtanaw sa Inaasahan***<br>*Ano ang aking nagawang kakaiba?*<br>*Ano ang maaari kong pang gawin sa susunod?* | | | Ang mga entry sa seksyong ito ay mga pagninilay ng guro tungkol sa pagpapatupad ng buong aralin, na magsisilbing input para sa pagsasagawa ng LAC/Collab sessions. Maaaring gamitin o baguhin ang ibinigay na mga gabay na tanong sa pagkuha ng mga insight ng guro. |